
2

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Himig ng Musika



ALTERNATIVE DELIVERY MODE



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Himig ng Musika**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ma. Lorentina C. Eder

**Editor:** Amelia F. Bulaong

**Tagasuri:** Jocelyn DR. Canlas

**Tagaguhit:** Neil Omar B. Gamos / Reynaldo B. Pacleta

**Tagalapat:** Melissa M. Santiago / Reynaldo B. Pacleta, Leomar G. Paracha

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca, Fatima M. Punongbayan, Arnelia R. Trajano
Salvador B. Lozano

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________

**Department of Education – Region III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Himig ng Musika

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay matututuhan ninyo ang mga paraan sa:

1. Makikilala ang tamang taas ng tono o pitch:

    mataas na tono (so);

    mababang tono (mi);

    mas mataas na tono (la);

    mas mababang tono (re). (MU2ME-IIa-1)

2. Makakatugong sa tamang pagtaas at pagbaba ng tono sa pamamagitan ng paggalaw ng katawan,pag- awit o pagtugtog ng instrumento. (MU2ME-IIa-2)

## *Subukin*

**Panuto:** Isulat ang bituin (☆) kung tama ang nakatalang impormasyon at puso ( ♡ ) naman kung hindi. Gawin sa inyong sagutang papel.

_______1. Ang tono ng **re** ay mas mababa kaysa sa tono ng **mi**.

_______2. Ang tono ng **la** ang pinakamababang tono sa lahat.

_______3. Ang tono ng **so** ay mataas kaysa sa tono ng **mi**.


_______4. Lahat ng instrumento ay mataas ang tunog.

_______5. Ang tono ng **mi** ay mababa kaysa sa tono ng **so**.

# Aralin 1 — Himig Ko, Tukuyin Mo


Ang awit ay binubuo ng iba't ibang nota o tunog na maaaring mataas ( so ), mas mataas ( la ), mababa ( mi ) at mas mababa( re ) at ito ay tinatawag na *pitch.*

Ang mga tonong re, mi, so at la ay makikita sa staff o limguhit ayon sa tamang ayos  nito.




Buhat sa: https://www.youtube.com/watch?v=sOW5-vf4XXQ


Ang mga tono ng awit ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng paggalaw ng katawan gaya nito:



## *Balikan*

**Panuto:** Tukuyin kung mababa o mataas ang tunog ng mga sumusunod na instrumento. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

*Mga Tala para sa Guro*

Sa modyul na ito, malilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng tono.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Iguhit ang bilog (◯)kung ang nakatalang pangungusap ay tama at tatsulok ( △ )kung mali. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_______________1.Ang huni ng ibon ay mas mataas ang tunog kaysa meow ng pusa.

_______________2.Ang kahol ng aso ay mas mababa sa kahol ng tuta.

_______________3.Ang ungal ng baka ay mas mababa sa tilaok ng manok.

_______________4.Ang tunog ng kampana ay mas mataas sa tunog maliit na tambol.

_______________5.Ang boses ng isang matandang babae ay mataas sa boses ng batang babae.

## *Suriin*

Ang isang awit ay binubuo ng iba't ibang tunog at tono. Mayroong bahagi ng awit na mataas, mababa, mas mataas o mas mababa. Ang mga ito ang nagbibigay sigla at ganda sa tunog at awit.

-Ang mababang tono ay ang pitch na **mi**
-Ang mas mababang tono ay ang pitch na **re**
-Ang mataas na tono ay ang pitch na **so**
-Ang mas mataas na tono ay ang pitch na **la**

Pansinin mo ang mga batang nasa larawan.


Si Juan


Si Ana


Si Nena


Si Pedro

Ang larawan ng mga bata ay maaaring iugnay sa tono ng musika:

Ang **re** ay si **Juan** dahil ang posisyon ng kanyang kamay ay mas mababa kay Ana.


Ang **mi** ay si **Ana** dahil ang posisyon ng kanyang kamay ay mababa kaysa kay Pedro.

Ang **so** ay si **Nena** dahil ang posisyon ng kanyang kamay ay mataas kay Ana.

Ang **la** ay si **Pedro** dahil ang posisyon ng kanyang


kamay ay mas mataas kay Nena.

Narito ang kinalalagyan ng mga tonong re, mi, so, at la sa *staff.* Ito ang dahilan kung bakit mas mababa ang tono ng **re** sa tono ng **mi**, kung bakit mas mataas ang tono ng **la** sa tonong **so**.





Buhat sa: https://www.youtube.com/watch?v=sOW5-vf4XXQ

Maaari ding ipakita sa senyas ng kamay (*Kodaly Method*) ang mga tono upang lumikha ng himig gaya nito.



la



so



mi



re

**Panuto:** Awitin ang "Twinkle, Twinkle Little Star". Lumikha ng sariling kilos ayon sa taas o baba ng tono ng awit.

Isulat sa kuwaderno ang sagot sa mga tanong. Ang iyong tatay o nanay ang magsisilbing tagapanood at tagasagot sa mga tanong sa rubric.

**Twinkle, Twinkle Little Star**

Twinkle, twinkle little star
How I wonder what you are
Up above the world so high
Like a diamond in the sky
Twinkle, twinkle little star
How I wonder what you are.

Buhat sa:https://www.youtube.com/watch?v=F6T68Ly9FWk

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( √ ) ang kolum ayon sa isinagawang gawain ng bata (para sa magulang ang bahaging ito).

Pananda:

3 - Pinakamagaling


2 - Magaling

1 - Nangangailangan ng Tulong o Gabay

| Tanong sa Gawain | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Naawit ba ang kanta sa tamang pitch? | | | |
| Nalagyan ba ng tamang galaw o kilos ang kanta? | | | |
| Binigyan ba ng pansin ang mga tono na mataas at mababa? | | | |
| **KABUUAN** | /9 | | |

## *Pagyamanin*

**Gawain 1:** Isulat sa *staff* ang bilog ( ◯ ) ayon sa tamang pwesto ng mga tonong nakatala.




so re mi la mi

**Gawain 2:**

**Panuto:** Iguhit sa kuwaderno ang kilos na nabuo mo sa loob ng kahon sa pamamagitan ng ***stick drawing.***

**Halimbawa:** Ako ay mas mababa sa aking lobo. (mas mababa ang tono)



1. Ang damo ay mas mababa sa halaman (mas pababa ang tono)

2. Ang puno ng niyog ay mas mataas sa puno ng saging. (mas mataas ang tono)

3. Ang bata ay mataas sa aso. (mataas ang tono)

4. Ang pusa ay mababasa aso. (mababa ang tono)


## *Isaisip*

Ang awit ay binubuo ng iba't ibang nota o tunog na maaaring mataas (so), mas mataas (la), mababa (mi), at mas mababa (re) at ito ay tinatawag na pitch.

Makilala at maisagawa sa pamamagitan ng pag – awit, pagtugtog at paggamit ng galaw ng katawan

## *Isagawa*

**Panuto:** Gayahin nang maayos ang kilos ng mga bata sa larawan. Ang iyong tatay o nanay ang magsisilbing tagapanood at tagasagot sa mga tanong sa rubrik.



re mi so la mi

Pananda:

3 - Pinakamagaling
2 - Magaling
1 - Nangangailangan ng Tulong o Gabay


| Tanong sa Gawain | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| 1. Nasundan ba ng galaw ng kamay habang sinusundan din ang mga nota? | | | |
| 2. Nagpakita ba ng kumpyansa sa sarili habang ginagawa ang kilos o galaw? | | | |
| Kabuuang Iskor | | /6 | |

## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat sa kuwaderno ang tono ng nakatalang senyas ng kamay.

1. 

2. 

3. 

4. 


## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong tungkol sa larawan. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

Si Bebe



Si Bugoy



1. Ano ang masasabi mo sa larawan?
2. Sino sa dalawa ang may hawak ng instrumentong may mababang tunog?
3. Sino naman ang may hawak ng instrumentong may mataas na tunog?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☆
2. ♡
3. ☆
4. ♡
5. ☆

Balikan

1. Mataas
2. Mababa
3. Mataas
4. Mataas
5. Mataas

TUKLASIN


1. Bilog
2. Bilog
3. Bilog
4. Tatsulok
5. Tatsulok

SURIIN

Pag-awit at paggawa ng kilos ayon sa mababa at mataas na tono

PAGYAMANIN

1. Gawain 1:



ang sagot ng bataayonsak anyang pang -unawa.

Isagawa

Sumangguni sa larawang ginaya ng bata

Tayahin

1.la
2.mi
3.so
4.re

Karagdagang Gawain

1. May dalawang bata po na my hawak na instrumento
2. Si Bugoy po
3. Si Bebe po

# *Sanggunian*


Digo, Maria Elene D., Ilagan, Amelia M., Obmasca Jr., Isidro R., Mendoz Randy G., Rodriguez, Darwin L., Music and Arts, Physical Education and Health– IkalawangBaitangKagamitan ng Mag-aaral, Unang Edisyon 2013

Enguero, Fe V.,Dr. Erico M. Habijan and Arlene R. Dela Vega. *Music, Art, Physical Education and Health 2: Kagamitan ng Mag-aaral.* Pasig City, Philippines:

Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), 2013.

Guidelines on the Use of Most Essential Learning Competencies (MELCs) of DepEd Order No. 12, s. 2020. https://drive.google.com/file/d/1bAL4tP8WybfUtAQF mIlD0r8FxkBKdXL/view

"K tO 12 Grade 2 Learning Material In MAPEH". https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade- 2-learning-material-in-mapeh

Twinkle, Twinkle, Little Star. Wikipedia. November 16, 2020. https://www.google.com/imgres?imgurl=https://uplo ad.wikimedia.org/wikipedia/commons/1/16/Twinkle_ Twinkle_Little_Star.png&imgrefurl=https://en.wikipedia .org/wiki/Twinkle,_Twinkle,_Little_Star&docid=0yXIpJO EeIrxjM&tbnid=9uI_8QYCMWD_cM&vet=1&w=782&h= 313&hl=en-PH&source=sh/x/im

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph